



Santa Clara County  
**PUBLIC  
HEALTH**

# MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA



## Pasilidad ng long-term care

**Inilabas Nobyembre 20, 2020**

[sccgov.org/coronavirus](https://sccgov.org/coronavirus)

# County ng Santa Clara

## Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan  
976 Lenzen Avenue, 2<sup>nd</sup> Floor  
San José, CA 95126  
408.792.5040



### **MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA PARA SA MGA PASILIDAD NG LONG-TERM CARE**

**\*Mangyaring kumpirmahin na ang inyong pasilidad ay makapagbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado.**

**Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Mayroon din ang Estado ng partikular na patnubay para sa ilang mga pasilidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mahigpit na ipinapatupad na direktiba na ito. \***

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at sa patnubay ng Estado ay makikita sa [covid19.ca.gov](https://covid19.ca.gov).

**Inilabas: Nobyembre 20, 2020**

*Noong Agosto 28, 2020, ang Estado ay nagpalabas ng isang Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan sa Buong Estado ("Kautusan ng Estado," magagamit [dito](#)) at ang Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya ("Plano," magagamit [dito](#)). Ang Kautusan ng Estado at Plano ay nagtataguyod ng mga paghihigpit sa buong estado na nalalapat sa bawat "antas" kung saan itinalaga ang mga county.*

Dapat sumunod ang mga pasilidad ng long-term care sa mga mahigpit na kinakailangan sa Direktibang ito at sa anumang iba pang naaangkop na Direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County, sa Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County na inilabas noong Oktubre 5, 2020, sa mga naaangkop na paghihigpit sa ilalim ng Kautusan at Plano ng Estado, sa mga dokumento ng Patnubay sa Industriya sa COVID-19 ng Estado, at sa anumang naaangkop na mga kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng mga panuntunang ito, dapat sundin ang pinakamahigpit na panuntunan.

Ang Direktibang ito ay nagtatag ng mga kinakailangan ng Opisyal ng Pangkalusugan para sa mga pasilidad ng long-term care sa Santa Clara County.

Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa mga Pasilidad ng Long-Term Care (Inilabas ang Kautusan noong Okt. 5, 2020) Pahina 1 ng 5

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian  
Ehekutibo ng County: Jeffrey V. Smith

Ang Direktibang ito ay *mahigpit na ipinapatupad*, at ang kabiguan na masunod ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na inilabas Oktubre 5, 2020 ("Kautusan").

*Ang Kautusan na Inilabas noong Oktubre 5, 2020*

Ang Kautusan ay nagpapataw ng ilang mga paghihigpit sa lahat ng mga negosyo at aktibidad upang matiyak na ang County ay mananatiling ligtas hangga't maaari. Ang lahat ng mga negosyo (kabilang ang mga non-profit, entidad na pang-edukasyon, at iba pang entidad ng negosyo, anumang istruktura ng korporasyon nito) na nag-oorganisa o nagho-host ng mga pagtitipon—tulad ng mga institusyong panrelihiyon, mga lugar ng kasal, mga tagapagplano ng kasal, mga convention center, at mga pasilidad sa pagpapaupa ng conference/meeting room — ay dapat sumunod sa mga sumusunod na kinakailangan:

- **Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao:** Ang lahat ng mga negosyo at entidad na panggobyerno na hindi pa gumawa nito ay dapat magkumpleto at magsumite ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa ilalim ng Oktubre 5, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan. **Ang mga Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na isinumite bago Oktubre 11, 2020 ay wala ng bisa.** Ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay dapat na mapunan gamit ang na-update na template, na magagamit [dito](#). Ang Protokol ay isinumite sa ilalim ng parusa na bawal na magsinungaling, nangangahulugan na ang lahat ng nakasulat sa form ay dapat totoo at tumpak sa pinakamahusay na kaalaman ng pumirma, at ang pagsusumite ng hindi totoong impormasyon ay isang krimen. Ang Protokol ay dapat na maipamahagi sa lahat ng mga manggagawa, at dapat itong magagamit ng lahat ng mga opisyal na nagpapatupad ng Kautusan.
- **Palatandaan:** Ang lahat ng mga negosyo at entidad na panggobyerno ay dapat mag-print ng (1) na-update na Palatandaan ng COVID-19 PREPARED at (2) ng Papel ng Impormasyon para sa Bisita ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao, at dapat na maipaskil ang dalawang ito na madaling makita sa lahat ng mga pasukan ng pasilidad. Ang mga ito ay nakahanda para mai-print pagkatapos maisumite online ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao. Tinutukoy sa Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ang mga karagdagang kinakailangan sa palatandaan.
- **Mga Panakip sa Mukha:** Ang lahat ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras na tinukoy sa mahigpit na ipinapatupad na [Patnubay para sa Paggamit ng mga Panakip sa Mukha](#) ("Patnubay sa Panakip sa Mukha") ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California at sa anumang mga partikular na direktiba na inilabas ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County. Bilang karagdagan, kahit na hindi kinakailangan sa ilalim ng patnubay at kautusan ng Estado o ng lokal, ang mga panakip sa mukha ay dapat na isuot hangga't maaari (1) kapag nasa loob at hindi sa loob ng

sariling tirahan at (2) tuwing nasa labas at sa loob ng anim na talampakan ng sinumang nasa labas ng isang sambahayan.

- **Limitasyon sa Kapasidad:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat sumunod sa mga limitasyon sa kapasidad na itinatag sa [Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa mga Limitasyon sa Kapasidad](#).

### ***Mga Mahigpit na Kinakailangan para sa Mga Pasilidad ng Long-Term Care***

Ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa mga pasilidad ng long-term care ay partikular na mataas dahil ang mga residente ng pasilidad ay karaniwang nasa mas mataas na panganib ng malubhang karamdaman o pagkamatay mula sa COVID-19. Ang mga bumibisita sa mga residente ng pasilidad ng long-term care at mga residente na bumalik sa mga pasilidad ng long-term care pagkatapos ng pagbisita sa mga kaibigan o pamilya sa komunidad ay nagdaragdag ng panganib sa pagsisimula at pagkalat ng COVID-19 sa mga residente at kawani sa pasilidad. Samakatuwid ang Opisyal ng Pangkalusugan ay nagpalabas ng mga sumusunod na direktiba para sa pagbisita sa, at ng, mga residente ng mga pasilidad ng long-term care. Ang mga direktibang ito ay nagdaragdag ng patnubay sa Patnubay para Malimitahan ang Pagkalat ng COVID-19 sa mga Pasilidad ng Long-Term Care ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California ([Sulat sa Lahat ng mga Pasilidad \(AFL\) 20-22.5](#)) at Mga Rekomendasyon sa Pagkontrol ng Impeksyon ng Sakit na Coronavirus 2019 (COVID-19) sa panahon ng mga Pagdiriwang ng Holiday ([AFL 20-86](#)):

#### *1. Pagbibigay Prayoridad sa mga Opsyon sa Pagbisita*

- Alinsunod sa [AFL 20-22.5](#), ang mga pasilidad ng long-term care ay dapat, kapag maisasagawa, magsagawa na ang mga pagbisita sa mga panlabas na lugar na nagbibigay-daan para sa 6 na talampakan o mahigit na pisikal na pagdistansya. Kung ang pagbisita sa labas ay hindi posible (kabilang, ngunit hindi limitado sa, masamang panahon, hindi magandang kalidad ng hangin, o kawalan ng kakayahan ng residente na mailipat sa labas), ang mga pasilidad ng long-term care ay dapat magsagawa na ang mga pagbisita sa malaking panloob na mga espasyo na may magandang bentilasyon na may 6 na talampakan o higit pang pisikal na paglayo. Ang pagbisita sa

loob ng silid ay magaganap lamang kung ang pagbisita sa labas at pagbisita sa malaking panloob na mga pangkaraniwang espasyo ay hindi posible.

2. *Mga Pamamaraan sa Kaligtasan ng Pagbisita*

- Ang mga pasilidad ng long-term care ay dapat sumunod sa mga pamamaraan sa kaligtasan na natukoy sa [AFL 20-22.5](#) para sa lahat ng panloob na pagbisita.
- Para sa lahat ng mga panlabas at panloob na pagbisita, ang mga kawani sa pasilidad ng long-term care ay dapat tumiyak na ang mga residente at bisita ay nakasuot ng mga kinakailangang panakip sa mukha at sumusunod sa mga patnubay sa pagkontrol ng impeksyon, kabilang ang pagpapanatili nang hindi bababa sa 6 na talampakan na distansya sa lahat ng oras.

3. *Kinakailangan ang Pagpapasuri para sa mga Panloob na Bisita sa mga Pasilidad ng Long-Term Care*

- Ang lahat ng mga bisita ay dapat kumuha ng PCR na pagsusuring dyagnostiko para sa COVID-19 sa loob ng 72 na oras mula sa kanilang naka-iskedyul na pagbisita sa isang pasilidad ng long-term care. Ang sinumang bisita na nasuring positibo para sa COVID-19 ay hindi papayagan na bumisita sa isang pasilidad ng long-term care sa oras na sila ay dapat na nagbubukod.
- Dapat magbigay ang mga bisita sa pasilidad ng long-term care ng isang kopya ng kanilang negatibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19 bago sa o sa pagdating sa pasilidad para sa kanilang pagbisita.
- Upang madokumento ang pagsunod sa Direktibang ito, ang mga pasilidad ng long-term care ay dapat na magpanatili ng isang tala ng lahat ng mga bisita, kasama ang mga kopya ng kanilang mga resulta ng pagsusuri sa COVID-19, para sa naunang 30 na araw.
- Ang mga bisita na may negatibong resulta ng pagsusuri na PCR sa COVID-19 ay maaaring magsagawa ng karagdagang mga pagbisita sa isang pasilidad ng long-term care na hindi muling magpasuri para sa COVID-19 kung lumipas ang hindi hihigit sa 7 na araw mula sa petsa na nagpasuri ang bisita para sa COVID-19 (ibig sabihin, ang petsa ng pagkolekta ng ispesimen).
- Ang mga kinakailangan sa pagpapasuri sa Direktibang ito ay nalalapat lamang sa mga bisita na nagsasagawa ng panloob na mga pagbisita sa mga pasilidad ng long-term care at hindi nalalapat sa alinman sa mga kategorya ng mga indibidwal na nakabukod sa mga paghihigpit sa pagbisita sa [AFL 20-22.5](#) ng CDPH.

4. *Kinakailangan ang Pagkuwarantina para sa mga Residente ng Pasilidad ng Long-Term Care na Bumalik sa Pasilidad Pagkatapos ng Pagbisita sa Pamilya o mga Kaibigan sa Komunidad*

- Noong Oktubre 9, 2020, naglabas ang Estado ng mga [panuntunan](#) na nililimitahan ang mga pribadong pagtitipon sa hindi hihigit sa tatlong sambahayan. Ipinagbabawal din ng mga panuntunang iyon ang mga pagtitipon na maganap sa loob kung ang county ay nasa Purple na Antas sa ilalim ng Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya ng Estado. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang [Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa mga Pagtitipon](#).
- Papayagan lamang ng mga pasilidad ng long-term care ang mga residente na bumisita sa pamilya o mga kaibigan sa komunidad alinsunod sa mga panuntunan ng Estado at Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa mga Pagtitipon.
- Ang mga pasilidad ng long-term care na pumapayag sa mga residente na bumisita sa pamilya o mga kaibigan sa komunidad ay dapat mag-iscreen ng mga bumabalik na residente para sa mga palatandaan at sintomas ng COVID-19, kaagad na ipasuri at ibukod ang mga bumabalik na residente na may mga sintomas sa isang silid habang naghihintay ng mga resulta, ibukod ang mga bumabalik na residente na nasuring positibo, ikuwarantina ang lahat ng iba pang mga bumabalik na residente sa loob ng 10 na araw, at ipasuri ang mga nakakuwarantinang residente pagkatapos ng 10 na araw na panahon bago ibalik ang mga ito sa pangkalahatang populasyon.

***Manatiling may Kaalaman***

Para sa mga sagot sa mga madalas na katanungan tungkol sa industriya na ito at iba pang mga paksa, mangyaring tingnan ang [pahina ng FAQ](#). **Mangyaring tandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update.** Para sa pinakabagong impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County sa [www.sccgov.org/coronavirus](http://www.sccgov.org/coronavirus).